# QUARTER 2 WEEK 2

| LESSON EXEMPLAR IN ARALING PANLIPUNAN | |
|---|---|
| ***Baitang at Pangkat:*** | ***Guro:*** |
| ***Petsa:*** | ***Paaralan:*** |
| ***Week 2*** | |
| ***A. Pamantayang Pangnilalalman*** | Naipamamalas ang pag- unawa sa kwento ng pinagmulan ng sariling komunidad batay sa konsepto ng pagbabago at pagpapatuloy at pagpapahalaga sa kulturang nabuo ng komunidad |
| ***B. Pamantayan sa Pagganap*** | Nabibigyang halaga ang mga bagay na nagbago at nananatili sa pamumuhay komunidad |
| ***C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto*** | Mailalarawan ang pagpapatuloy at pagbabago ng kapaligiran sa komunidad;<br>Mailarawan ang katangiang pisikal ng sariling komunidad sa malikhaing paraan. |
| ***D. Pinakamahalagang Kasanayan sa Pagkatuto (MELC)*** ***(Kung mayroon, isulat ang Pinakamahalagang Kasanayan sa Pagkatuto o MELC)*** | * Nailalahad ang mga pagbabago sa sariling komunidad<br>a.heograpiya (katangiang pisikal)<br>b. politika (pamahalaan)<br>c. ekonomiya (hanapbuhay/kabuhayan)<br>d. sosyo-kultural |
| ***E. Pagpapaganang Kasanayan*** ***(Kung mayron, Isulat ang pagpapaganang kasanayan))*** | |
| ***F. Pagpapayamang Kasanayan*** ***(Kung mayroon, Isulat ang pagpapayamang kasanayan)*** | |
| ***II. NILALAMAN*** | **Kapaligiran Ko, Ilalarawan Ko** |
| ***III. KAGAMITAN PANTURO*** | |
| A. Mga Sanggunian | MELC p.28 CG.p 33 |
| 1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro | P. 34-35 |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pangmag-aaral | P.107-113 |
| 3. Mga Pahina sa Teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa | |

| | |
|---|---|
| Portal ng Learning Resource | |
| B. Listahan ng mga Kagamitang Panturo para sa mga Gawain sa Pagpapaunlad at Pakikipagpalihan | , Modyul |
| ***IV. PAMAMARAAN*** | |
| A. PANIMULA<br><br>***Alamin*** | Sa araling ito, matutunan mong mailarawan ang pagpapatuloy at pagbabago ng kapaligiran sa komunidad; at mailarawan ang katangiang pisikal ng sariling komunidad sa malikhaing paraan. |
| ***Subukin*** | Iguhit ang mga bagay na nagbago at nananatili pa sa kapaligiran ng iyong komunidad. |
| *Balikan* | Sumulat ng maikling sanaysay tungkol sa pinagmulan ng iyong komunidad. |

| | |
|---|---|
| B. Pagpapaunlad<br><br><br>*Tuklasin* | Pag-aralan at paghambingin ang magkaibang larawan ng komunidad ng Puerto Galera:<br><br><br>Ito ang komunidad ng PuertoGalera sa  kasalukuyan.<br><br><br>Sagutin:<br>1. Ilarawan ang kapaligiran ng Puerto Galera noon.<br>2. Ano ang nakikita mong pagbago sa kapaligiran ng Puerto Galera sa kasalukuyan?<br>3. Ano-ano ang katangiang pisikalnanananatili pa hanggang sa ngayon?<br>4. Paghambingin ang kapaligiran ng Puerto Galera ngayon at noon. |
| C. Pakikipagpalihan<br>*Pagyamanin* | Gawain 1. Mangalap ng larawan ng inyong komunidad noon at ngayon. Idikit ito sa loob ng kahon<br><br>Ang Aking Komunidad Noon<br><br>Ang Aking Komunidad Ngayon |

Gawain 2

Balikan ang  Gawain A. Isulat s ang  mga nagbago at nananatili pa sa iyong komunidad.

| Kapaligiran ng Komunidad | Pagbabago | Nananatili |
|---|---|---|
| Hal. bundok | Pinatag at ginawang bahayan | |
| | | |
| | | |

Gawain 3

Iguhit ang mga anyong lupa/tubig na mayroon sa iyong komunidad noon at ngayon.

| Anyong Tubig Noon | Anyong Tubig Ngayon |
|---|---|
| | |
| **Anyong Lupa Noon** | **Anyong Lupa Ngayon** |
| | |

D. Paglalapat

Balikan ang iginuhit na mga larawan sa Gawain 3. Isulat ang mga nagbago at nananatili pa sa iyong komunidad. Gamiting halimbawa ang tsart sa ibaba.

| AnyongTubig/ AnyongLupa | Pagbabago | Nananatili |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

| | |
|---|---|
| *Paglalahat* | Tandaan:<br><br>- Maraming pagbabago ang nagaganap sa kapaligiran ng isang komunidad, halimbawa: ang kalsadang dating lubaklubak naging konkreto na; ang dating mga bahay na yari sa nipa at kawayan, ngayon ay konkreto na rin.<br>- Sa mga anyong tubig at anyong lupa, marami ring mga pagbabago tulad ng: dating ilog, tinambakan ng lupa, ngayon ay panahanan na; dati ay magandang burol ngayon ay pinatag at ginawang subdibisyon; at iba pa.<br>- Mayroon ding nananatili pa hanggang sa kasalukuyan tulad ng talon, ilog, dagat, kapatagan at iba. |
| E. Pagtataya | Umisip ng isang malikhaing paraan ng paglalarawan sa mga bagay na nagbago at nananatili pa sa kapaligiran ng iyong komunidad. Ipakita ito |
| ***V. PAGNINILAY***<br>***(Reflection on the type of Formative or Assessment Used for the Particular Lesson)*** | Kumpletuhin ang bawat pangungusap.<br><br>1. Ang natutuhan ko ngayon ay__________________________________________<br>________________________________________________________<br><br>2. Nalaman kong________________________________________________<br>3. Gusto ko pang malaman__________________________________________ |